

PANIMULA SA BIBLICAL COUNSELING

Bakit Pinahihintulutan Ng Dios Ang Mga Problema?

Mga Susing Salita: Komunikasyon, Pag-uugali, Mga Pinaniniwalaan

I. PANIMULA

Tanungin ang grupo kung bakit sa palagay nila'y pinahihintulutan ng Dios ang mga problema sa ating buhay. Pareho ba ng nararanasang problema ang mga Cristiano at di mga mananampalataya? Bakit?

A. Ang unang katanungan kapag dumarating sa atin o sa sinumang malapit sa atin ang problema ay, “bakit”? Lehitimong katanungan iyan.

1. Ang pangunahing paksa ng isa sa mga pinakamatandang aklat sa Lumang Tipan ay ang problemang pisikal at emosiyonal. Ang pagdurusa ni Job ang pinakasikat na halimbawa ng pagdurusa na nakatala sa Banal na Kasulatan.
 - a. Sa unang kapitulo, nawala ang lahat kay Job.
 - b. Pagkatapos, sinikap ng kanyang tatlong “kaibigang” ipaliwanag kung bakit nangyari ang mga ito na nagpapakita kung ano ang kanilang pagkaunawa sa sakit at pagkawala ng mga tinatangkilik. Isinisi nila kay Job ang lahat dahil di umano sa mga kasalanan sa kanyang buhay (Job 4:7-9).
2. Tulad din ng paniniwala ng mga kaibigan ni Job ang paniniwala ng mga alagad ni Jesus na lahat ng sakit na pisikal at emosiyonal ay bunga at parusa ng kasalanan.
 - a. Juan 9:1-2, “Sa paglalakad ay nakita niya ang isang lalaking ipinanganak na bulag. (2) Tinanong siya ng kanyang mga alagad, “Rabi, sino ang nagkasala, ang taong ito o ang kanyang mga magulang kaya siya ipinanganak na bulag?”
 - 1) May problema sa teolohiya ang mga alagad. Naniniwala sila na kasalanan ang direktang dahilan ng lahat ng paghihirap, kaya ang taong iyon ay ipinanganak na may kapansanan. Maaaring nagkasala siya sa sinapupunan ng kanyang ina (Ex. 18:4) o ang kanyang mga magulang ang nagkasala (Ex. 20:5).

- 2) Ang pangunahing tema sa Lumang Tipan ay pagpapala para sa taong susunod. Kung siya ay magkasala, siya ay parurusahan (Deut. 11:26-28).
3. Pinalawak ni Jesus ang kanilang pag-iisip at nagdagdag ng isa pang dahilan kung bakit nagkakaroon ng sakit at pagkawala ng mga tinatangkilik maliban sa parusa sa kasalanan.
- a. Juan 9:3, “Sumagot si Jesus, ‘Hindi dahil sa nagkasala ang taong ito, ni ang kanyang mga magulang; kundi upang mahayag ang gawa ng Dios sa kanyang buhay.”
 - b. Nais ng Dios na mahayag Siya sa gitna ng masaklap na sitwasyon (2 Cor. 12:9).
 - c. Napagtanto ni Apostol Pablo na sa pamamagitan ng paghihirap siya nagkakaroon ng mas malalim na pagkakilala at malapit na pakikipag-niig sa Dios.
 - 1) Fil. 3:10, “Ang tanging hangad ko ngayo’y makilala si Cristo at maranasan ang kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, makihati sa kanyang mga hirap, at matulad sa kanyang pagkamatay.”
 - 2) “Makilala Siya” sa pamamagitan ng personal na karanasan (*gnoseos*).
4. Tinukoy ni Jesus ang ikatlong layunin ng sakit at pagkawala ng mga tinatangkilik nang mamatay ni Lazaro: ang kaluwalhatian ng Dios.
- a. Juan 11:4, “Nang marinig ito ni Jesus ay kanyang sinabi, ‘Ang sakit na ito ay hindi magwawakas sa kamatayan kundi sa ikaluluwalhati ng Dios at upang sa pamamagitan nito’y maluwalhati ang Anak ng Dios.”
 - b. Ang pangungusap na ito’y naging kabaligtaran. Nahayag ang kapangyarihan ni Jesus at ang Kanyang pagsunod sa Ama sa pamamagitan ng Kanyang pagpapagaling kay Lazaro. Pero ang pangyayaring ito rin ang nakapagpagalit sa mga Judio (Juan 11:45-53), na nagtapos sa Kanyang kamatayan, na siya Niyang tunay na kaluwalhatian (Juan 17:1).
5. Ang problema ng sakit at pagkawala ng tinatangkilik din ang paksa ng unang aklat na nasulat sa Bagong Tipan – ang Santiago.
- a. Santiago 1:1-3, “Si Santiago, alipin ng Dios at ng Panginoong Jesu-Cristo, sa labindalawang liping nakakalat sa iba’t ibang bansa: Mga Pagbati. (2) Mga kapatid, ituring ninyong tunay na kagalakan tuwing daranas kayo ng iba’t ibang pagsubok, (3) pagkat alam ninyong ang pasubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng katatagan.”

- 1) Ang mga Judio ay naikalat sa gitna ng mga Gentil tulad ng kanilang mga ninuno sa panahon ng kanilang pagkaalipin.
- b. Iniugnay ni Santiago ang layunin ng sakit at kawalan sa pagpapatatag ng karakter.
6. Maging si Jesus ang nagtanong din sa Kanyang Ama ng “bakit” habang dumaranas ng matinding sakit sa krus.
 - a. Marcos 15:34, “At nang ikatlo ng hapon, sumigaw si Jesus, ‘Eloi, Eloi, lama sabachtani? – ibig sabihin, ‘Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?’”
 - 1) “Bakit” (“sa anong dahilan”) mo Ako pinabayaan?
 - 2) Pinabayaan Siya ng Ama dahil sa hustisya, hindi sa kanilang relasyon bilang mag-ama, dahil binabata Niya ang sumpa ng kasalanan at hatol ng Dios (2 Cor. 5:21; Gal. 3:13). Naranasan ni Jesus ang di malirip na hilakbot ng pagkahiwalay sa Dios. Simple lang ang sagot, Siya ay nagdurusa para sa mga makasalanan (Marcos 10:45; Roma 5:8; I Pedro 2:24; 3:18).

B. Ang salitang “problema” ay di makikita sa King James Version ng Biblia. Tatlong ulit lamang itong nabanggit sa NASV at sa NIV. Lahat ng tatlong sitwasyong ito ay sa aklat ni Daniel.

Ano sa palagay ninyo ang mga personal na mapapakinabang sa mga problema, kaguluhan o krisis? Ilarawan ang isa sa inyong pinagdaanang sariling karanasan. Anong naging pakinabang sa ibang tao dahil napagdaanan ninyo ito?

C. Di tinitingnan ng Dios ang mga problema, trahedyang, sakit at pagkawala ng mga tinatangkilik bilang problema. (Nakakagulat?) Tinatawag Niya ang mga itong pagsubok, kabigatan, kapighatian, paghihirap o pagdurusa. Sa halip, tinitingnan Niya ang mga itong oportunidad para maranasan natin ang labindalawang positibong kapakinabangang ito.

1. Paglago ng personal na karakter. (Anong bahagi ng aking karakter ang pinatitibay nito?)
 - a. Santiago 1:1-3, “Si Santiago, alipin ng Dios at ng Panginoong Jesu-Cristo, sa labindalawang liping nakakalat sa iba’t ibang bansa: Mga Pagbati. (2) Mga kapatid, ituring ninyong tunay na kagalakan tuwing daranas kayo ng iba’t ibang pagsubok, (3) pagkat alam ninyong ang pasubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng katatagan.”
 - b. Mas interesado ang Dios sa ating pagkakaroon ng karakter na tulad ng kay Cristo kaysa mag-ayos ng ating mga problema. Ang pagpapatibay

- na ito ng karakter ang proseso ng doktrina ng nagpapatuloy na pagpapabanal (progressive sanctification).
2. Pagkatuto ng mga pananaw mula sa Kanyang Salita. (Anong katotohanan ang natututunan ko habang pinagdaraan ko ito?)
 - a. Awit 119:71, “Nakabubuti sa akin ang magdanas ng hirap para matutuhan ko ang iyong mg autos.”
 3. Pagkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa ng Kanyang mga pamamaraan (Anong pamamaraan ng Dios ang aking natututunan?)
 - a. Kawikaan 14:12, “May daan na wari’y matuwid sa tao, ngunit ang dulo niyon ay hahantong sa kamatayan.”
 - b. Isaias 55:8-9, “Pagkat ang isipan ko’y hindi ninyo isipan, at ang mga daan ninyo’y hindi ko siyang mga daan,’ sabi ng Panginoon. (9) Kung paanong ang kalangitan ay mataas kaysa lupa, gayon din, ang mga daan ko’y mas mataas sa inyong mga daan, at ang mga iniisip ko kaysa inyong mga isipan.”
 4. Pagkakaroon ng mas malalim na personal na relasyon sa Kanya (Paano pinalalalim ng karanasang ito ang aking relasyon sa Dios?)
 - a. Fil. 3:10, “Ang tanging hangad ko ngayo’y makilala si Cristo at maranasan (personal na madama) ang kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, makihati sa kanyang mga hirap, at matulad sa kanyang pagkamatay.”
 - b. Ang makaalam ng patungkol sa Diyos ay mabuti’t mahalaga. Ngunit ang personal na pagkakilala sa Diyos ay higit na mabuti. Wala nang higit na makapagpapalalim ng ating personal na relasyon sa Kanya kundi ang magtiis na kasama Niya. Ang makihati sa kanyang mga paghihirap ay isa sa pinakamalalim na antas ng karanasan sa ating buhay.
 5. Maipakita sa iba kung paano natin tinutugunan ang sakit at kawalan (Sino ang makikinabang sa aking makadlios na pagtugon sa problema?)
 - a. 2 Cor. 1:6, “Kung namimighati man kami, ito’y sa inyong ikaaaliw at ikaliligtas. Kung naaaliw naman kami, naaaliw din kayo at nagagalak upang mabata, tulad namin, ang kapighatiang dinaranas ninyo.”
 - b. (Magandang Balita Biblia) “Kung namimighati man kami, ito’y sa ikaaaliw at ikaliligtas ninyo. Kapag inaaliw kami, kayo ma’y naaaliw rin at lumalakas upang mabata ang mga kapighatiang dinaranas ninyo, tulad namin.”
 - c. Fil. 1:12-14

6. Luwalhatiin Siya (Paano ko naluluwalhati ang Diyos sa pamamagitan nito?)
 - a. Juan 9:3, “Sumagot si Jesus, ‘Hindi dahil sa nagkasala ang taong ito, ni ang kanyang mga magulang; kundi upang mahayag ang gawa ng Dios sa kanyang buhay.’”
 - b. Juan 11:4, “Nang marinig ito ni Jesus ay kanyang sinabi, ‘Ang sakit na ito ay hindi magwawakas sa kamatayan kundi sa ikaluluwalhati ng Dios at upang sa pamamagitan nito’y maluwalhati ang Anak ng Dios.’”
7. Itama ang maling gawain (Anong mga ginagawa ko ang hindi kalugud-lugod sa Dios?)
 - a. I Cor. 11:30-32, “Ito ang dahilan kung bakit marami sa inyo ang mahihina, at masakitin, at marami na rin ang nakatulog. (31) Kung sisiyasatin natin ang ating sarili, hindi tayo hahatulan. (32) Kapag tayo’y hinahatulan ng Panginoon, itinutuwid lang tayo para hindi mahatulang kasama ng sanlibutan.”
 - b. Heb. 12: 3-13
 - c. Mga Awit 119:67,71 (Natutuhan ni Haring David ang kanyang leksiyon sa mahirap na paraan)
8. Pigilan ang pagmamataas (Saang bahagi ang aking pakikipagtunggali sa kayabangan?)
 - a. (Ang sabi ni Pablo patungkol sa kanyang tinik sa laman) 2 Cor. 12:7, “Para hindi ako maging palalo dahil sa kahanga-hangang pahaya na ito, binigyan ako ng tinik sa laman, isang mensahero ni Satanas, para pahirapan ako.”
9. Para matuto ng pagsunod (Anong mga leksiyon ang paulit-ulit kong dapat matutuhan?)
 - a. (Ang pagtitiis ni Cristo) Heb. 5:8, “Bagaman siya ay anak, natuto siyang sumunod na may pagtitiis.”
10. Dalisayin ang ating pananampalataya (Anong mga bahagi ng aking buhay na di ko maipagkatiwala sa Dios?)
 - a. I Pedro 1:6-7. “Dahil dito, kayo’y nagagalak bagaman sa kaunting panahon ay maaaring magdanas muna kayo ng mga kahirapan dahil sa iba’t ibang uri ng pagsubok. (7) Maranasan ninyo ito upang subukin ang inyong pananampalataya. Kung ang ginto na nasisira ay dinadalisyay sa pamamagitan ng apoy; gayon din ang inyong pananampalataya na higit sa ginto ay dapat subukin upang manatili. Kung magkagayon tatanggap kayo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan kung mahayag na si Jesu-Cristo.”

- b. Kilalaning ang Dios lamang ang ultimong panggagalingan ng tulong, kalakasan at kaaliwan (2 Cor. 1:3).
 - c. 2 Cronica 16:9, “Sapagkat ang paningin ng Dios ay abot sa buong daigdig upang patatagin ang lahat ng taong buong pusong nakatalaga sa kanya. Ang ginawa mo ay kamangmangan, kaya makikipagdigma ka mula ngayon.”
11. Bawasan ang pagsalig sa tao, lugar o mga bagay (Ano ang aking sinasaligan sa halip na Dios? Halimbawa: relasyon, pagkasugapa, pagdepende sa isa’t isa).
- a. Fil. 4:19, “At ang aking Dios ang magbibigay sa inyo ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa maluwalhati niyang kayamanan kay Cristo Jesus.”
 - b. Hukom 7:2, “Sinabi ng Panginoon kay Gideon, ‘Masyadong marami ang mga tauhan mo para maipasakop ko sa kanila ang Madian. Baka ipagyabang nila laban sa akin na sa sarili nilang lakas nailigtas ang Israel.’”
12. Ihanda ka para tumulong sa iba (Sino ang nais ng Dios na tulungan ko?)
- a. 2 Cor. 1:4, “Inaaliw niya tayo sa ating mga kapighatian upang sa pamamagitan ng kaaliwang ito na tinanggap natin sa kanya ay maaliw natin ang mga taong binabagabag ng anumang problema.”

D. Hindi sinasayang ng Dios ang anumang pangyayari sa ating buhay na ating naranasan. May layunin ang lahat. Walang aksidente sa Dios. Kontrolado Niya ang mga pangyayari. Hindi Siya kontrolado ng mga ito. WALANG NAKAKATAKAS SA KANYANG PANSIN. Walang nangyayaring di Niya batid.

Magsalaysay ng isang pangyayari sa iyong buhay na sa iyong palagay ay walang saysay. Paano nabago ang iyong pananaw tungkol dito? Anong mga talata sa Biblia ang nakatulong sa iyo?

1. Roma 8:28, “Alam nating sa lahat ng bagay, ang Dios ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, samakatuwid ay sa mga tinawag ayon sa kanyang layunin.”
2. Mateo 10:30-31, “Pati buhok ninyo’y bilang niyang lahat. (31) Kaya, huwag kayong matakot; mas mahalaga kayo kaysa mga iyan.”

E. Tiyak na may layunin ang Dios sa ating mga problema. (Kung paanong ang masakit na ngipin ay nagpapahiwatig sa atin ng kabulukang nararapat tanggalin, kadalasan ang problema, di pagkakaunawaan at pagsubok ay naghuhudyat sa atin ng mga bagay na nais ng Dios gawin para sa Kanyang kaluwalhatian. Kung minsan ang pagpapahupa ng simtomas ng sakit ay

kasing halaga ng pagtulong sa iba para malaman ang layunin ng Dios sa problema (sakit). Ang sakit ay maaaring hudyat lamang ng isang pangangailangan.) Ang pagkilala sa kahalagahan at layunin ng sakit ang isa sa mga mahahalagang sangkap ng paghahanda ng Dios sa mananampalataya para sa ministeryo.

Paano kaya ang buhay kung walang sakit na pisikal? Anong pakinabang nito para sa atin? Paano ito nagiging kaloob o regalo?

- F. Di lamang ang layunin ng Dios sa pagsubok ang papansinin natin kundi pati ang proseso kung paano malalagpasan ang sakit na nararamdaman. May mga taong nagsasabi, “Gusto ko lang malagpasan ito.” Nauunawaan natin iyan. Pero hindi iyan ang pananaw ng Dios.**
1. Santiago 1:2-4, Mga kapatid, ituring ninyong tunay na kagalakan tuwing daranas kayo ng iba’t ibang pagsubok, (3) pagkat alam ninyong ang pasubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng katatagan. (4) Dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo’y maging ganap at walang pagkukulang.”
 - a. Ang “Ituring ninyo” ay utos ng Dios at inaasahan Niyang gagawin natin ito ngayon at minsan magpakailanman. (Ito ay pandiwang Griyego *first aorist middle imperative*). Gawin ninyo at huwag na ninyong iisipin pang muli ang pinaniniwalaan ninyo noon.
 - 1) Magpasiya kayo ayon sa inyong kalooban sa halip na bigyang daan ang damdamin.
 - 2) Ang damdamin ay di sakop ng katotohanan.
 - b. “Tunay na kagalakan.” Ang mga pagsubok ay di dapat tingnan bilang parusa, sumpa o kalamidad. Dapat silang tingnan bilang pinagmumulan ng tunay na kagalakan, hindi kaunting kagalakan at kaunting dalamhati. Ang kagalakan ay nasa pagsubok, hindi para sa pagsubok. Hindi mapapasaatin ang kagalakan kung tatakasan natin ang mga pagsubok.
 - c. Ang tanging paraan para maharap natin ng may tunay na kagalakan ang pagsubok ay ituon natin ang ating paningin sa saganang pakinabang o kabutihang makukuha natin buhat dito. Ang kagalakan ay makukuha sa panghinaharap na pakinabang, hindi sa pangkasalukuyang sakit.
 - d. “Pagsubok” – maganda ang pagkakagamit sa Juan 6:6 (si Jesus kay Felipe); di maganda ang pagkakagamit sa Mateo 16:1 (mga Pariseo kay Jesus). “Ang pagsubok na hinaharap ng tama ay di makapipinsala, ngunit kung hinaharap ng lisyá, ito’y nagiging tuksong maaaring ipagkasala” (A. T. Rob. James, p. 11).

2. 1 Pedro 1:6-7, “Dahil dito, kayo’y nagagalak bagaman sa kaunting panahon ay maaaring magdanas muna kayo ng mga kahirapan dahil sa iba’t ibang uri ng pagsubok. (7) Mararanasan ninyo ito upang subukin ang inyong pananampalataya. Kung ang ginto na nasisira ay dinadalisay sa pamamagitan ng apoy; gayon din ang inyong pananampalataya na higit sa ginto ay dapat subukin upang manatili. Kung magkagayon tatanggap kayo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan kung mahayag na si Jesu-Cristo.”

G. Hindi layunin ng Dios na lutasin ang ating mga problema. Bagkus gusto Niya tayong itawid sa mga ito para sa ating ikalalago at sa Kanyang kaluwalhatian. Ang paglagong personal ay gugugol ng mahabang panahon.

Saan sa palagay ninyo nagmula ang konsepto ng “pag-aayos ng problema?” Anong tunay na inaasahan ng mga tao kapag sila’y inayos?

1. Hindi natin inaayos ang mga pagsubok o tukso. Pinag-aaralan natin ang mga ito at lumalago tayo sa pamamagitan ng mga ito. Ito ang personal na karanasan ni Apostol Pablo.
 - a. May “problema” si Apostol Pablo, isang tinik sa laman (pisikal) at iyon ay mula kay Satanas (2 Cor. 12:7). Lumapit siya sa Dios. Desperado siya. Katunayan, tatlong beses siyang lumapit sa Dios (tal. 8). Paano hinarap ng Dios ang “problema” ni Pablo? “Inayos” ba ito ng Dios? Kung ang “problema” ay ang tinik, hindi. Kung ang “problema” ay ang pagtugon ni Pablo sa tinik, oo. Kinailangang baguhin ni Pablo ang kanyang dating paniniwala patungkol sa pagsubok dahil sa tugon ng Dios. Pinagdugtong ng Dios ang dalawang tuldok—ang sakit at ang layunin ng sakit. Dalawang linya ang tugon ng Dios.
 - 1) “Sapat na ang biyaya ko sa iyo.” (Walang babaguhin.)
 - 2) “Ang kapangyarihan ko’y lalong nahahayag kung ikaw ay mahina” (2 Cor. 12:9).
 - b. Dalawang bagay ang kinailangan ni Pablo para harapin ang kanyang tinik sa laman: biyaya para sa sakit at layunin para sa sakit.
 - 1) “Sapat na ang biyaya ko sa iyo” (tal. 9)
 - 2) “Kaya buong galak kong ipagmamapuri ang aking mga kahinaan para manatili sa akin ang kapangyarihan ni Cristo” (tal. 9b).
2. Proyekto: Saliksikin kung paano ginamit ang mga salitang “magtiis, pagtitiis, nagtiis” sa Biblia at pansinin ang konteksto at tagal nito.
 - a. Mateo 10:22, “Kapopootan kayo ng lahat dahil sa akin. Ngunit ang manatiling tapat hanggang wakas ay siyang maliligtas.”

- b. Heb. 12:3, "Isipin natin si Jesus at ang pagtitiis na ginawa niya sa pagsalungat ng mga makasalanan, upang hindi kayo manlupaypay o panghinaan ng kalooban."
 - c. I Cor. 13:7, "Ang pag-ibig ay mapagbata, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagpapatuloy."
3. Maaaring ang layunin ng pagpapayong Cristiano ay hindi alisin ang lahat ng sintomas ng pagdurusang mental o emosiyonal. Ang ultimong layunin ay kabanalan, hindi kaligayahan; kalusugang espirituwal, hindi ang kawalan ng problemang mental o emosiyonal. (Tan, p. 37). Maraming tao ang nagsasabi, "Gusto ko lang lumigaya."

H. Gumagawa tayo ng mga mekanismong pangdepensa para maiwasan ang proseso at mabawasan ang sakit at kawalan.

Anong mga mekanismong pangdepensa ang nakikita ninyong ginagamit ng mga tao? Alin sa mga ito ang nagamit mo na? Anong sinisikap ninyong iwasan sa paggamit ng mga ito? Paano ninyo naitigil ang paggamit ng mga ito?

1. Kailangang depensahan ng katawan ang kanyang sarili para di na lalong masaktan.
 - a. Ilustrasyon: Naglalangib ang sugat para maiwasan ang mga mikrobyong magdudulot ng higit na sakit. Kapag gumaling na ang sugat, nababakbak ang langib.
2. Ang utak ay may natural na anestisyang nagpapamanhid ng emosiyonal o pisikal na sakit.
 - a. Kapag nakakaranas tayo ng matinding pisikal o mental na sakit, nawawalan tayo ng malay. Kung hindi, maaari tayong masiraan ng isip.
 - b. Ang pagkabalih ay isang paraan ng kalikasan para matulungan ang mga taong problemado na makasumpong ng isang mundong maaari nilang galawan na di gaanong magdudulot ng sakit at kung saan kaya nilang patuloy na mamuhay (Hughes, p. 65).
 - 1) Deut. 28:28; 34, "Sisirain ng Panginoon ang inyong bait, mabubulag kayo at guguluhin ang inyong isip. (34) Masisira ang isip ninyo sa mga bagay na inyong makikita."
 - c. May mga tumatakas sa di makayana't di matiis na sitwasyon sa buhay sa pamamagitan ng pantasya (pagkukunwari) at pagtalikod sa katotohanan.

3. Subalit hindi kailanman ninais ng Dios na pagtiisan lamang natin ang ating mga pagsubok. Ang nais Niya'y akapin natin ang mga ito at lumago tayo sa pamamagitan ng mga ito sa tulong ng mga kagamitang Biblikal.
 - a. Sa totoo lang, ang nerbiyos (nervous breakdown) ay paggupo, hindi ng ating *nerves*, kundi ng ating mga mekanismong pangdepensa.
 - b. Ito'y tulad ng *circuit breaker* ng ating utak na kailangang patayin dahil sa sobrang elektrisidad (emosiyonal o pisikal).

Ikaw ba o mayroon ka bang kakilalang dumanas ng nerbiyos? Anong dahilan nito? Anong ginawa dito? Mayroon bang ginamit na pamamaraang Biblikal para malagpasan ito? Ano ito?

- I. **Ipinahahayag ng Dios ang prosesong ito sa atin upang ganyakin tayong makiisa sa Kanya para sa ating kapakinabangan at para sa Kanyang kaluwalhatian (Mateo 5:16). Ang iyong bahagi ay makiisa sa Dios sa ninanais Niyang gawin sa iyong buhay.**
 1. 2 Cor. 1:3,4, "Purihin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Amang mahabagin at Dios ng lahat ng kaaliwan. (4) Inaaliw niya tayo sa ating mga kapighatian upang sa pamamagitan ng kaaliwang ito na tinanggap natin sa kanya ay maaliw natin ang mga taong binabagabag ng anumang problema."
 2. Roma 8:28, "Alam nating sa lahat ng bagay, ang Dios ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, samakatuwid ay sa mga tinawag ayon sa kanyang layunin."
 3. Fil. 2:12b-13, "...magpatuloy kayo sa gawain ng inyong kaligtasan na may takot at panginginig, (13) sapagkat ang Dios ang gumagawa sa inyo upang kayo'y magnasa at kumilos ayon sa kanyang magandang layunin."
 4. Santiago 1:1-3, "Si Santiago, alipin ng Dios at ng Panginoong Jesu-Cristo, sa labindalawang liping nakakalat sa iba't ibang bansa: Mga Pagbati. (2) Mga kapatid, ituring ninyong tunay na kagalakan tuwing daranas kayo ng iba't ibang pagsubok, (3) pagkat alam ninyong ang pasubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng katatagan."
- J. **Isang palatandaan ng taong hindi nakikiisa sa pagkilos ng Dios ay iyong tumatangging pag-usapan ang mga kasalukuya't nakaraang masasaklap na pangyayari sa buhay. Kapag di natin kayang makipag-usap tungkol sa mga ito, di tayo makausad sa puntos na ito. Bakit?**
 1. Maaaring hindi natin kayang harapin ang nakaraang katotohanan o realidad (hal. lasingero si Tatay).
 2. Maaaring hindi natin gustong maramdamang muli ang sakit ng nakaraan (takot, galit, hiya).

3. Maaaring hindi natin gustong tanggapin ang responsibilidad na harapin o itama ang mali (magpahayag ng kasalanan, humingi ng tawad, o magbalik ng hindi sa atin).
4. Maaaring ayaw nating aminin o harapin ang mga nakaraang motibo (hal. naging makasarili ang aking ama nang halayin niya ako).
5. Ang pagtanggap makipag-usap patungkol sa mga nakaraang pangyayari ay maaaring dahil sa takot at hindi dahil sa katigasan ng ulo.

K. Ang tungkulin natin ay tumulong sa pagtukoy kung nasaan ang nangangailangan ng tulong (A), at kung saan nais ng Dios para sa kanya (B), pagkatapos ay tuklasin kung ano ang mga hadlang/sagabal sa proseso ng pag-aakay sa kanya sa pamamagitan ng pananampalataya patungo sa nararapat niyang kalagayan. (CF, You Can Work it Out)

1. Ipinaliliwanag ni Pedro ang isang proseso.
 - a. 1 Pedro 1:3-7, “Purihin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa laki ng habag sa atin ng Dios, isinilang tayo sa isang buhay na pag-asa sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo, (4) at sa isang pamanang inilaan (layunin) niya roon sa langit para sa inyo. Ito’y hindi mawawala, masisira o kukupas. (5) Sa pamamagitan ng pananampalataya, kayo’y iniingatan ng kapangyarihan ng Dios hanggang dumating ang kaligtasang mahahayag sa huling panahon. (6) Dahil dito, kayo’y nagagalak bagaman sa kaunting panahon ay maaaring magdanas muna kayo ng mga kahirapan (kabigatan, kalungkutan, pagdadalamhati, sakit) dahil sa iba’t ibang uri ng pagsubok. (7) Mararanasan ninyo ito upang subukin ang inyong pananampalataya. Kung ang ginto na nasisira ay dinadalisay sa pamamagitan ng apoy; gayon din ang inyong pananampalataya na higit sa ginto ay dapat subukin upang manatili. Kung magkagayon tatanggap kayo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan kung mahayag na si Jesu-Cristo.”
2. Tandaan ninyo, ito ay proseso ng paglago. Hindi ito dagliang pag-aayos para mawala ang sakit. Ang layunin ng Dios para sa sakit at kawalan at hindi laging kahumpayan. Kadalasan ito’y para sa paglago ng karakter at espiritu.



- a. Ang paglago ay isang prosesong maihalalintulad sa sibuyas na unti-unti ang pag-aalis ng balat. Di ito gaya ng saging na kapag nabalatan ay pwede nang kainin agad.



3. Kilalaning iba’t iba ang bilis at pamamaraan ng pagproseso ng bawat tao. Maaari siyang gumamit ng anumang ilan mang kagamitang Biblikal.
 - a. Hindi pare-pareho ang pamamaraan ng mga tagapayong Cristiano. Maaari silang gumagamit ng iba’t ibang bersikulo at pamamaraan para maabot ang iisang layunin.
4. Pansining hindi kailanman nagkapareho ang proseso ng pagtulong o pagpapagaling ni Jesus.

5. Si Apostol Pablo ay gumamit ng maraming “kagamitan” para makatulong sa iba.
 - a. 1 Tes. 5:14, “At ipinakikiusap din naming, mga kapatid, paalalahanan ninyo ang mga tamad, palakasin ang laoob ng mga mahiyain, at tulungan ang mahihina. Maging matiyaga kayo sa isa’t isa.”
 - b. Gal. 6:2, “Magtulungan kayo sa pagdadala ng pasanin ng isa’t isa, at sa ganitong paraan ay matutupad ninyo ang utos ni Cristo.”
 - c. Roma 14:1, “Tanggapin ninyo ang mahina sa pananampalataya nang hindi pinag-uusapan ang kanyang mga pinag-alinlanganan.”

L. TRANSISYON: Ano ang layunin ng Dios sa proseso? Bakit pinapayagan ng Dios ang mga problema? (Hal. Rev. Tim)

M. ANG UNANG MAHALAGANG GAWAIN AY UNAWAIN KUNG ANO ANG NINANAIS NG DIOS PARA SA MANANAMPALATAYA. Kung hindi mo alam kung ano ang ninanais ng Dios sa mananampalataya, limitado ang iyong kakayahang makatulong. Para kang nag-aayos ng isang lumang kotse na gusto mong ibalik sa orihinal nito. Kung hindi mo alam kung anong hitsura ng orihinal na kotse, hindi mo malalaman kung paano ito aayusin. Ang sabi ng isang mag-asawang nakatukoy kung “nasaan” sila at kung saan sila “nararapat” sa kanilang buhay may-asawa, “Mas marami kaming natutunan sa sesyong ito kaysa maraming buwan ng pakikipagkita sa mga tagapayo.” Ano, kung ganoon, ang ninanais ng Dios para sa atin?

II. Kalooban ng Dios na lahat tayo’y mamuhay na nagpapahayag ng pagiging tulad ni Cristo sa ating kultura at kinalalagyan. (Ang pamumuhay ba ng mananampalataya’y kinakikitaan ng karakter ni Cristo?)

Ano sa palagay ninyo ang katangian ng buhay praktikal na nagpapahayag ng pagiging tulad ni Cristo?

A. Ang pamumuhay na tulad ng kay Cristo ang matagal nang plano ng Dios para sa lahat ng mananampalataya. Ang malalim na pagkaunawa sa layuning maging tulad ni Cristo ang nag-aalis ng alinlangan sa kung anong nararapat na gawin.

1. Ipinaliliwanag ni Pablo kung sino ang nasa bawat mananampalataya upang matupad niya ang habambuhay na layuning ito. Dalawa ang may responsibilidad dito. Gagawa tayo, gagawa ang Dios. Pareho ito ng isang sentimo na magkaiba ang nakalimbag sa magkabila nito pero iisang sentimo pa rin ito.
 - a. Fil. 2:12b-13, “...magpatuloy kayo sa gawain ng inyong kaligtasan na may takot at panginig, (13) sapagkat ang Dios ang gumagawa sa

inyo upang kayo'y magnasa at kumilos ayon sa kanyang magandang layunin.”

- 1) Ang “magpatuloy kayo sa gawain” ay nangangahulugang ilapat ito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Hindi natin ito gagawin para maligtas.
- 2) Ibig sabihin ng mga salitang “magpatuloy kayo sa gawain” ay “ilakip na mabuti,” tulad ng pagmamasa ng harina’t iba pang mga sangkap kapag gumagawa ng tinapay.

a) LARAWAN



Paglalatap ng Kaligtasan sa Pang-araw-araw na Buhay

- 3) Ibig sabihin ilapat ang mga kapakinabangan ng inyong kaligtasan sa pang-araw-araw na buhay. Makatutulong dito ang mga pagsubok at paghihirap.

Naobserbahan ba ninyo ang mga mananampalatayang nabigo sa paglalapat ng kanilang pananampalataya kay Cristo sa kanilang pang-araw-araw na buhay? Sa palagay ninyo bakit ito nangyayari? Ano sa palagay ninyo ang sinasabi nila sa kanilang sarili kaya nagagawa nila ito? Para sa inyo, anong bahagi ng buhay Cristiano ang pinakamahirap ipamuhay? Anong gumanyak sa inyong gawin ito? Ano ang pinakamalaking hadlang sa paggawa nito?

- 4) Namumuhi ang Dios sa pamumuhay na pinagbaha-bahagi kung saan ang isang tao ay kaiba kapag nasa simbahan at kaiba din kapag nasa tahanan. Kaya isa sa mga dahilan kung bakit pinahihintulutan ng Dios ang mga “problema” ay para ganyakin tayong ilakip ang mga kapakinabangan ng ating kaligtasan sa bawat aspeto ng ating buhay.
- 5) May maling sapantaha na ang pakikinig sa Salita ng Dios ay pagsunod na rin dito. (Santiago 1:22-25). Ang mga gumagawa lamang ang pinagpapala ng Dios, hindi ang mga tagapakinig at taga-aral lamang.

2. Ipinaliwanag ni Apostol Pablo kung gaano katagal ipatutupad ng Dios ang Kanyang plano para magkaroon tayo ng karakter na tulad ng kay Cristo.
- a. Fil. 1:6, “Lubos akong nagtitiwala sa bagay na ito, na ang Dios na nagsimula ng mabuting gawa sa inyo ay magtataguyod nito sa lubos na kaganapan hanggang sa araw ni Cristo Jesus.”
 - 1) “Lubos akong nagtitiwala” (nagpapatuloy na pangkasalukuyan): Natiyak ni Pablo o lubos na siyang nagtiwala noon at patuloy pa ring nagtitiwala na itataguyod ng Dios ang Kanyang sinimulang gawin sa buhay nating mga mananampalataya (upang tayo’y maging tulad ni Cristo) hanggang sa araw na sasalubungin natin ang Panginoon sa alapaap.
 - b. Walang lubos na makaaabot sa pagiging tulad ni Cristo (Fil. 3:12) hanggang tayo’y bawian na ng buhay o magbalik na muli si Jesus sa pagdagit (1 Tes. 4:13-18).
3. Likas sa ating mamuhay na hindi dumedepende sa Dios para sa ating pang-araw-araw na pangangailangan. Habang mayroon pa tayong ibang masusulingan (gaya ng ikalawang plano) iyon muna ang ating uunahin. Inilalarawan ni Haring Asa ang katotohanang ito para sa atin.
- a. 2 Cronica 16:7-10, “Nang panahong iyon, ang tagakitang si Hanani ay dumating kay Haring Asa ng Juda at sinabi: “Sapagkat umasa ka sa hari ng Aram at di sa Panginoon mong Dios, nakatakas sa iyo ang hukbo ng hari ng Aram. (8) Hindi ba mas malaki ang hukbo ng mga Cusita at Libio at napakarami nilang karwahe at mangangabayo? Gayunman, nang umasa ka sa Panginoon, napasuko mo sila. (9) Sapagkat ang paningin ng Dios ay abot sa buong daigdig upang patatagin ang lahat ng taong buong pusong nakatalaga sa kanya. Ang ginawa mo ay kamangmangan, kaya makikipagdigma ka mula ngayon. (10) Nagalit si Asa sa tagakita dahil sa sinabi nito. Kaya siya ay ipinabilanggo. Sa tindi ng kanyang galit, ipinabilanggo nga niya ang tagakita, at labis na pinahirapan ang ilang tao.”
 - b. Larawan:

1.	Baasa	
	↓	
2.	Asa	→
		3.
		Ben-hadad
 - c. Dahil binabagabag siya ng kanyang budhi, nagalit si Asa sa propetang naghatid ng mensahe ng Dios.

4. Tandaan: Ang kabigatang mula sa Dios ay maaaring isa sa mga paraan para maalís ang anumang ginagawa natin upang ipuwera ang Dios sa ating buhay. Naranasan ito ni Gideon mismo.
 - a. Hukom 7:2, “Sinabi ng Panginoon kay Gideon, ‘Masyadong marami ang mga tauhan mo para maipasakop ko sa kanila ang Madian. Baka ipagyabang nila laban sa akin na sa sarili nilang lakas nailigtas ang Israel.’”
5. Kadalasan, ang mga pagsubok ang paraan upang isa-isang baliin ang ating mga plano’t pinananaligan upang lubusan tayong magtiwala sa Kanya.

B. Ang pamumuhay na tulad kay Cristo ay napapansin ng mga tagalabas.

Anong praktikal na kahalagahan sa mga di mananampalataya kung nakikita nilang araw-araw na ipinamumuhay ng Cristiano ang sinasabi nilang kanilang pinaniniwalaan? Ano ang kadalasang nangyayari kapag nabigo ang mga mananampalatayang gawin ito? Ano ang naging personal na epekto sa iyo ng pagkabigo ng isang taong mamuhay na tulad ni Cristo?

1. Ang mga unang Cristiano ay tinawag na “mga kaanib sa Daan” (Gawa 9:2) bago sila tinawag na mga Cristiano (Gawa 11:26).
2. Si Jesus ang tinawag na “Ang Daan” (Juan 14:6).
 - a. Siya ang daan ng kaligtasan at ang daan sa pamumuhay pagkatapos maligtas.
3. Ipinahayag ni Jesus ang isang paraan upang maipakita nating tayo’y mga tagasunod Niya.
 - a. Juan 13:35, “Kung nag-iibigan kayo, makikilala ng lahat na kayo’y mga alagad ko.”
 - b. I Cor. 13 (ang pagbibigay kahulugan ng Dios sa pag-ibig)


C. Ang plano ng Dios sa paraan ng pamumuhay ng mga mananampalataya ay nakatakda na bago pa man Niya nilikha ang mundo. Hindi ito bagong ideya.

1. Ipinaliwanag ni Apostol Pablo kung gaano katagal nang dinisenyo ng Dios ang planong gawing tulad ni Cristo ang ating karakter.
 - a. Roma 8:29, “Pagkat sa mula pa’y alam na ng Dios kung sino ang sa kanya, at ang mga ito ay itinalaga niyang matulad sa kanyang Anak, para siya ang maging panganay ng maraming magkakapatid.”
 - 1) Ang “sa mula pa’y alam na ng Dios” ay di nangangahulugang namimili ang Dios ng tao. Ito’y tumutukoy sa isang makahulugang relasyon sa isang tao base sa paghirang ng Dios buhat pa sa

eternidad bago Niya nilikha ang mundo (BKC, NT, p. 474).
 “Sapagkat hinirang niya tayo sa kanya bago pa nilalang ang sanlibutan” (Efeso 1:4). Subalit hindi lamang ito pagbuo ng isang relasyon. Tayo ay hinirang upang makiayon sa wangis (karakter) ni Jesu-Cristo. Anong hitsura niyan sa pang-araw-araw na pamumuhay?

- 2) “Matulad” o “magkaroon ng kaparehong wangis,” hindi sa panglabas o sa pisikal. Ang nais ni Satanas ay mahubog tayo sa hulmahan ng lipunang sekular at ituon ang ating pansin sa pag-ayon sa lipunan sa halip na sa pag-ayon kay Cristo (Roma 12:2) at sa Kanyang karakter. May di bababa sa tatlong pangunahing bahagi ng ating pamumuhay na gusto ng Dios na maglarawan ng karakter ni Cristo sa ating mga buhay. Isa sa mga layunin ng Biblical counseling ay turuan, gawing alagad, at gabayan ang tao sa mga tamang bahagi ng buhay kung saan hindi siya nakaabot sa pamantayan ng paglalarawan ng karakter ng Dios.

a) LARAWAN



1. Komunikasyon: pananalita, tono ng boses
2. Pag-uugali: kinagawian, pagkilos
3. Pinaniniwalaan: saloobin, pinahahalagahan

- 3) Kapag tayo’y ipinanganak na muli, ang ating buhay ay parang isang tatsulok at ang Dios naman ay parang isang bilog na nasa loob natin. Gusto Niyang pakinisin ang mga matutulis na bahagi ng ating buhay: ang ating pag-uugali, ang ating komunikasyon, at ang ating pinaniniwalaan (sa ating puso).

b. Gal. 4:19, “Minamahal kong mga anak, muli ko kayong ipinaghihirap na para akong babaing manganganak hanggang si Cristo’y malarawan sa inyo.” (“Malarawan si Cristo” sa inyong buhay sa tatlong bahaging ito)

2. Ang kaalamang mayroon palang pinakamataas na layuning inilaan ang Dios bago pa Niya nilikha ang mundo ay mahalaga sa ating mga nais tumulong sa mga tao. Alam natin kung ano ang ultimong ninanais ng Dios na mangyari sa kanilang mga buhay.

a. Ang sabi ni Aristotle, “Tulad ng mamamana, mas malaki ang ating tsansang matamaan ang target kung nakikita natin ito” (Hughes, Helping, p. 18). Kung nalalaman natin kung ano ang ating layunin at nakikita natin ito, mas malaki ang posibilidad na magtatagumpay tayo.

1) LARAWAN




- b. Ayon kay Selwyn Hughes, “Kapag hindi na natin natatanaw ang layunin, natutuon ang ating pansin sa mga bahagi o detalye ng krisis. Tulad ng isang piloto ng eroplanong nagpahayag sa mga pasahero, ‘Mukhang naliligaw tayo, pero magsaya kayo, saanman tayo patungo, darating tayo sa oras’” (Hughes, Helping, p. 18).

Bakit kaya kakaunti lamang ang naitutulong ng karamihan sa mga counseling na nagaganap?

- c. Ang kabiguang malaman at maunawaan ang ultimong layunin ng Dios ang dahilan kung bakit maraming pastor at manggagawa ang hindi nakakaalam kung anong gagawin sa gitna ng krisis. Hindi nila alam ang kahahantungan o destinasyong dinisenyo para mangyari sa pamamagitan ng mga krisis.
- d. Isang malungkot na realidad na hindi lahat ng tao ay nagnanais sumunod sa gusto ng Dios para sa kanilang buhay. Magsisimula sila sa kanilang sariling posisyon: “Narito ako” at susulong papunta sa direksyon ng “Doon ako tutungo” pero sa kalagitnaan ay babalik muli sa kung saan sila nagsimula.

1) LARAWAN:

NARITO AKO

Kasalukuyang
KondisyonDOON AKO
TUTUNGOLayunin ng
Dios

- e. Hindi lahat ng tao ay nagnanais sumunod sa kung anong gusto ng Dios para sa kanila. Gusto nilang makinabang pero ayaw nilang gumawa at magsikap para magbago. Ang kabiguang magbago ay magbubunga ng pagbabalik sa pinagmulan. Tandaan ang kahulugan ng kabaliwan: “Paulit-ulit na paggawa ng isang bagay pero umaasang magkakaroon ito ng ibang bunga.”

D. Ang planong mamuhay na tulad kay Cristo ay nagbibigay linaw sa kung ano ang magiging bunga nito sa huli (ang posisyong “Doon ako tutungo”). Ano

talaga ang kahulugan ng maging katulad (o kawangis) ni Cristo (may balbas, nakasandalyas, mahaba ang buhok)? Ito'y dapat makita sa tatlong pangunahing bahagi ng pamumuhay: komunikasyon, pag-uugali, at pinaniniwalaan (sa puso).

1. Komunikasyon sa ating mga binibigkas na pananalita. (7% lamang ang kinakatawan ng salita. Ang galaw ng katawan at tono ng boses ay kumakatawan sa 93% ng komunikasyon.)
 - a. Mga salitang nakasisira laban sa mga salitang nakatutulong
 - 1) Efeso 4:29, “Huwag mamutawi sa mga labi ninyo ang anumang salitang masama (nakasisira, “bulok”) kundi iyon lamang makatutulong (kapakipakinabang) sa ikatitibay (nakapagpapalakas) ng iba ayon sa kanilang pangangailangan, upang makinabang ang mga nakikinig.”

a) LARAWAN



- 2) Ang salitang “ikatitibay” ay tulad sa “pagtatayo ng bahay.” Ang pangunahing materyales sa pagtatayo ng bahay sa kapanahunan ng Biblia ay bato at tisa. Ang “pagtatayo para sa ikatitibay” ay nangangahulugang ang iyong mga salita ay tulad ng tisa na ilalapat mo sa buhay ng isang tao dahil gusto mo siyang maging magandang gusali. Pwede tayong pumili: ibabato ba natin ang tisa para makasakit at makasira o aayusin natin ang pagpapatas nito para makapagpatibay at makapagpalakas.
- 3) Ang bawat isa sa atin ay ganito ngayon dahil sa mga salitang sinabi o di sinabi sa atin.
 - a) Sinabi: “Gago ka talaga!”; “Ang galing naman ng ginawa mo!”
 - b) Di sinabi: “Mahal kita! Ang galing ng ginawa mo.”
 - c) Nagkuwento ang dating unang ginang ng Amerika na si Hillary Rodham Clinton patungkol sa kanyang ama na hindi kailanman pumuri sa kanyang mga ginagawa nang bata pa siya. Noong siya’y nasa hayskul, inuwi niya ang kanyang kard na puro “A”, ang pinakamataas na grado. Ipinakita

niya ito sa kanyang tatay, umaasang makakarinig siya ng magandang salita. Sa halip ang sabi nito, “Siguro mababa ang pamantayan ng eskwelahang pinapasukan mo.” Tatlumpung taon na ang nakalipas ngunit ang mga salitang

iyon ay nakaukit pa rin sa isipan ni Gng. Clinton. Maaaring bale wala sa kanyang ama ang kanyang sinabi pero lumikha ito ng matinding sakit na hanggang ngayon ay nadarama pa ng anak. (Washington Post, 3 April 1993, p. C1.)

- 4) Ang mga aktibong tinitiiis na sama ng loob ngayon ay bunga ng masasakit (bulok) na pananalita. Ang mga di aktibong pait ng damdamin ay bunga ng mga tamang pananalitang di binigkas.

Ibahagi kung paano kayo napalakas dahil sa mga pananalita ng isang tao at paano ito nagdulot ng kaibahan sa inyong buhay. Ibahagi rin kung anong mga salita ang nakasakit sa inyo at paano ninyo napagtagumpayan ang negatibong epekto nito. Ano naman ang mga salitang hindi ninyo narinig na nagdulot sa inyo ng pagdaramdam?

- b. Pasigaw kontra sa mahinahong pananalita (Ang pagsigaw o pagbulyaw ay hindi bunga ng Espiritu. Ito’y paraan ng komunikasyong pagalit na ginagamit para magkontrol, magbago o magmani-obra ng ibang tao. Hindi tayo dapat kakitaan ng mga negatibong pag-uugaling ito.)
- 1) Col. 4:6, “Sikapin ninyong ang lahat ng sasabihin ninyo ay maging puspos ng biyaya, may lasang asin, upang malaman ninyo kung ano ang itutugon sa kanila.”
 - 2) Santiago 1:19-20, “Tandaan ninyo ito, mga kapatid kong minamahal: Bawat isa’y dapat maging listo sa pakikinig, maingat sa pananalita at di agad nagagalit. (20) Sapagkat ang galit ay di nakatutulong sa tao upang maging matuwid sa paningin ng Dios.”
- c. Pintas kontra papuri at pagkilala sa mabuting nagawa
- 1) Gal. 5:15, “Ngunit kung kayo’y magkakagatan at magsasakmalan sa isa’t isa, mag-ingat kayo, baka walang matira sa inyo” (mga taong kumakain ng kapwa tao sa pamamagitan ng mapanirang relasyon)
 - 2) Kailangang pagsanayan ang prinsipyo ng “keyk ng papuri.” Kung hindi mo mapuri ang kabuuan, humanap ka ng isang hiwang maaari mong purihin. Inilarawan ito ni Apostol Pablo sa iglesia sa Corinto. Sa I Cor. 11:2, sinabi ni Pablo, “Pinupuri ko kayo...” pagkatapos sa talatang 17, ang sabi niya, “Sa babanggitin ko ngayon, hindi ko kayo maaaring purihin...”

a) LARAWAN:



- 3) Ang pagpintas na isa sa apat na posibleng maging dahilan ng pagkawasak ng pagsasama ng mag-asawa ay 93% tama. Ang tatlong iba pa ay labis na pagtatanggol sa sarili, pangmamaliit at paggawa ng pader sa pagitan ng mag-asawa (halimbawa: di pagpansin, paglilihim o di pakikipag-usap sa asawa).

d. Pagreklamo kontra pagpapasalamat

- 1) Fil. 2:14, “Gawin ninyo ang lahat nang walang reklamo at pagtatalo.”
- 2) 1 Tes. 5:18, “Ipagpasalamat ninyo ang lahat ng pangyayari pagkat ito ang kalooban ng Dios para sa inyo sa pangalan ni Cristo Jesus.”

e. Gamitin ang mga pangunahing pamantayan sa komunikasyon (CF, Fair Communication Rules)

- 1) Huwag sasabat, mangmamaliit, o manglalait. Sa halip iton ang pansin sa pakikinig at pag-unawa sa kung ano talaga ang sinasabi ng kausap (Santiago 1:19).
- 2) Huwag gagamit ng nakakasakit na bansag. Sa halip gumamit ng mga salitang nakapagpapalakas ng iba (Efeso 4:29; Gal. 5:15).
- 3) Huwag patalun-talon ng paksa kapag nakikipag-usap. Sa halip iton ang pansin sa isang paksa lamang.
- 4) Iwasan ang biglang pagkagalit. Sa halip manatiling nasa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu (Santiago 1:20; Gal. 5:16-20).
- 5) Iwasan ang paggamit ng mga kilos na nagpapakita ng pagkainis, pag-ayaw at panghihiya (hal. pagpapabalintong ng mata, pagbubuntong-hininga, pagsimangot, pagtataas ng kamay at panduduro).
- 6) Huwag tatalikod, sisimangot o basta hindi na lamang kikibo (Mateo 18:15).

- 7) Huwag tatalikod sa isang mahalagang talakayan nang walang pagsiguro sa kausap na magbabalik ka pagkalipas ng ilang panahon para ipagpatuloy ang pag-uusap.
- 8) Huwag na huwag mananakit ng pisikal, manunulak, mangangagat, manunundot o mambabato ng anumang bagay. Huwag ding sapilitang pipigilang pisikal ang kausap.
- 9) Huwag paiinitin ang ulo ng kausap o isusumbat ang nakaraan.
- 10) Pagkasunduan kung ano ang mga patuntunan sa komunikasyon bago magkaroon ng di pagkakaunawaan.

Ano ang inyong mga panuntunan sa komunikasyon? Paano ninyo ito nabuo? Anong mga panuntunan ang inyong idaragdag? Alin ang pinakamabisang panuntunan na nagamit na ninyo?

2. Sa mga kilos (pag-uugali) na ating ipinakikita. Tandaan: ang pananalita at pag-uugali ay parehong nanggagaling sa ating pinaniniwalaan (sa ating puso).
 - a. Sekular (makamundo) na pamumuhay kontra sa pamumuhay na ayon sa Biblia. Sekular. Hindi kasali ang Dios sa iniisip at sistema ng pinaniniwalaan.
 - 1) Efeso 5:1-2, “Bilang mga anak na minamahal, tularan ninyo ang Dios (2) at mamuhay (lumakad) kayo sa pag-ibig, (paano) kung paanong inibig tayo ni Cristo at ibinigay ang kanyang sarili bilang isang mahalimuyak na handog at hain sa Dios para sa atin.”
 - 2) Roma 12:2, “Huwag na kayong makiayon (makitulad) sa takbo ng sanlibutang ito (sekular), bagkus ay magbago ng pag-iisip (ayon sa Biblia). Sa gayon, mapatutunayan ninyo kung alin ang kalooban ng Dios—ang mabuti, kalugud-lugod at lubos niyang kalooban.”
 - a) “Makiayon”: ang isa pang paggamit nito sa Bagong Tipan ay sa I Pedro 1:14, “Bilang masunuring mga anak, huwag na ninyong balikan ang masasamang hilig (masasamang pagnanasa) na ginawa ninyo noong kayo’y wala pang pagkaunawa. (15) ...magpakabanal kayo sa lahat ng inyong ginagawa (pag-uugali).”
 - b) “Magbago,” tulad ng pagbabago mula sa loob palabas na parang uod na naging paru-paro.
 - 3) I Juan 2:15-17, “Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama. (16) Pagkat lahat ng nasa sanlibutan—ang masamang hilig ng laman, ang masamang pita ng mata, at


kapalaluan sa buhay—ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. (17) Mapaparam ang sanlibutan at lahat ng kinahuhumalingan nito, ngunit ang sumusunod sa kalooban ng Dios ay mabubuhay magpakailanman.”

- a) Ang “sanlibutan” (kosmos) ay tumutukoy sa isang sistemang nakikipagdigma sa Dios. Ang sistemang ito ng mundo ay umaagaw sa pag-ibig, debosyon at pansin ng mga mananampalataya.
 - b) “Ang umiibig sa sanlibutan” ... hindi ka maaaring umibig sa isang sistemang namumuhi sa Dios ngunit nag-aangking umiibig sa Dios (CF. Santiago 4:4).
 - c) “Mga bagay na nasa sanlibutan” ... Inaalis ng sistema ng mundo ang patungkol sa Dios sa paggawa ng kanilang mga pinahahalagahan at mga layunin. Ipinagmamalaki ng Pransya at iba pang mga bansa sa Europa na sila ay mga sekular na lipunan at walang anumang impluwensya ng relihiyon.
- b. Pagtalikod kontra sa pagtanggap
- 1) Roma 14:1, “Tanggapin ninyo ang mahina sa pananampalataya nang hindi pinag-uusapan ang kanyang mga pinag-alinlanganan.”
 - 2) Roma 15:7, “Kung paanong tinanggap kayo ni Cristo, gayon din ang gawin ninyo sa isa’t isa upang maparangalan ang Dios” (lakip ang walang hanggang biyaya at habag)
 - 3) Ang pagtanggap ay hindi pag-apruba sa maling gawain. Ito’y pagbibigay ng karampatang paggalang at pagpapahalaga sa mga mananampalataya kay Cristo. Ang mga bagong silang sa pamilya ni Cristo ay nangangailangan ng pagtanggap habang patuloy silang lumalago sa kabila ng mga maling gawain, komunikasyon at pinaniniwalaan.
- c. Paghihiganti kontra sa pagpapatawad
- 1) Roma 12:19, “Mga kapatid, huwag kayong maghihiganti, bagkus ay bigyang-puwang ang poot ng Dios. Pagkat nasusulat: ‘Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti,’ sabi ng Panginoon.”
 - a) Nasa Biblia ang paghihiganti ngunit ito’y responsibilidad ng Dios at hindi sa atin.
 - 2) Efeso 4:32, “Maging mabait kayo at mahabagin sa isa’t isa, at magpatawaran kayo sa isa’t isa, kung paanong pinatawad kayo ng Dios sa pamamagitan ni Cristo.”

- d. Pagiging makasarili kontra sa pagiging mapagbigay (na may sakripisyo).
- 1) Fil. 2:21, “Sapagkat ang hinahanap ng bawat isa’y ang sariling kapakanan at di ang kapakanan ni Jesu-Cristo.”
 - 2) 2 Cor. 8:9, “Pagkat di kaila sa inyo ang kagandahang-loob ng Panginoong Jesu-Cristo. Bagaman siya’y mayaman, naging mahirap siya para sa inyong kapakanan upang sa pamamagitan ng kanyang karukhaan, kayo ay yumaman.”
 - 3) Gawa 20:35, “Ipinakita ko (Pablo) sa inyo sa lahat kong pagpapagal na dapat nating tulungan ang mahihina. Alalahanin ninyo ang mga salitang sinabi mismo ng Panginoong Jesus, ‘Higit na mapalad ang nagbibigay kaysa tumatanggap.’”
- e. Palaaway (abusado) kontra sa pagiging maibigin
- 1) Efeso 4:31-32, “Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait, at mananakit ng damdamin ng kapwa. (32) Sa halip, maging mabait kayo at maawain sa isa’t isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Dios sa pamamagitan ni Cristo.”
 - 2) I Juan 4:7-8, “Mahal kong mga kaibigan, mag-ibigan tayo sa isa’t isa pagkat ang pag-ibig ay buhat sa Dios. Bawat umiibig ay ipinanganak ng Dios at nakakikilala sa Dios. (8) Sinumang hindi umiibig ay hindi nakakikilala sa Dios, pagkat ang Dios ay pag-ibig.”
- f. Banal kontra sa pagiging makalaman (immoral)
- 1) I Tes. 4:3, “Kalooban ng Dios na kayo’y magpakabanal, at umiwas sa pakikiapid.”
 - 2) Efeso 1:4, “Sapagkat hinirang niya tayo sa kanya bago pa nilalang ang sanlibutan, upang maging banal at walang kapintasan sa kanyang paningin.”
 - 3) Ang layunin ng pamumuhay Cristiano ay hindi kaligayahan kundi kabanalan. Ang kabanalan ay hindi kung gaano kataas ang iyong naakyat kundi gaano katuwid ang iyong pagkakalakad pagdating mo sa dulo.

Kung mayroong magsusuri ng inyong pag-uugali, anong magiging konklusyon nila patungkol sa iyong relasyon kay Cristo? Bakit makikilala ang inyong pag-uugali sa pamamagitan ng inyong pananalita? Sa dalawa, alin ang mas mahalaga, pag-uugali o pananalita? Bakit? (CF, I Juan 3:18; I Pedro 3:1)

3. Mga pinaniniwalaan na ipinahahayag natin sa ating mga pag-uugali (pag-iisip). (38% ng komunikasyon ay tono ng boses na nagpapahayag ng pag-uugali—pinaniniwalaan. Lahat ng problema sa pag-uugali ay nagmumula sa sistema ng pinaniniwalaan, mula sa puso. Hindi ito nagmumula sa mga sitwasyong nangyayari sa ating buhay. Hindi tayo basta tumutugon lamang sa mga nararanasan nating sitwasyon. Dadaan muna ang pangyayari sa ating sistema ng pinaniniwalaan na siyang may kontrol sa kung paano tayo tutugon.)



- a. Amo (kumontrol, pala-utos, dominante, siyang laging nasusunod) kontra sa pagiging alipin
- 1) Ang ugali ni Cristo ang dapat nating tularan. (Fil. 2:5-8) “Ang dapat ninyong maging damdamin (pag-iisip) ay tulad ng kay Cristo Jesus... kusa niyang hinubad ang lahat ng ito at kinuha ang kalikasan ng isang alipin nang siya’y magkatawang-tao...Siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang sa kamatayan...”
 - 2) Juan 13:1-5, “Bago mag-Pista ng Paskuwa, alam ni Jesus na dumating na ang oras ng kanyang pag-alis sa sanlibutan upang bumalik sa Ama. Dahil sa pag-ibig sa mga sariling kanya na nasa sanlibutan, ipinakita niya ngayon kung gaano kalaki ang kanyang pagmamahal. (2) Naghahapunan na sila, at ang pagkakanulo kay Jesus ay nailagay na ng diyablo sa isip ni Judas Iscariote na anak ni Simon. (3) Alam ni Jesus na inilagay na ng Ama ang lahat ng bagay sa kanyang kapangyarihan, at siya’y galing sa Dios at babalik sa Dios. (4) Kaya tumindig siya, hinubad ang panlabas na kasuotan, at nagbigkis ng tuwalya sa baywang. (5) Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa palanggana. Hinugasan niya ang paa ng mga alagad, at pinunasan ng tuwalyang nasa kanyang baywang.”
 - 3) Dahil alam ni Jesus kung sino Siya, ang makapangyarihang Anak ng Dios, malaya Siyang makapaglingkod. Oo, hari pa rin si Jesus habang Siya’y narito sa mundo ngunit pansamantala Niyang isinaisalang-tabi ang Kanyang korona at nagbigkis ng tuwalya sa Kanyang baywang. Hinugasan Niya ang paa ng Kanyang mga alagad. Pagkatapos, ipinaliwanag Niyang ito ang dapat nating tularan. Oo, isuot natin ang ating korona bilang Kanyang mga anak, pero magbigkis din tayo ng tuwalya sa ating baywang at paglingkuran ang iba sa kanilang mga pangangailangan.

- 4) Mateo 20:28, "Tulad ng Anak ng Tao, naparito siya hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang buhay na pantubos sa marami."
 - a) Halimbawa: Ang asawang lalaki ay dapat magkaroon ng damdaming tulad ng isang alipin, hindi amo. Lahat ng kanyang karapatan ay dapat ilagak sa paanan ng krus.
 - (1) Efeso 5:25-32
- b. Pagiging mayabang kontra sa pagiging mapagpakumbaba
 - 1) Santiago 4:6, "Ngunit higit na malakas ang biyaya ng Dios. Kaya naman ang Kasulata'y nagsasabi: 'Ang Dios ay laban sa mga palalo ngunit pinagpapala ang mga magpakumbaba.'"
- c. Pagseselos kontra sa pagkakaroon ng katiyakan
 - 1) Ang pagseselos ay takot na mapalitan.
 - 2) Kung ang iyong kasiguruhan ay nakaangkla sa iyong personal na relasyon kay Cristo, hindi ka dapat matakot na mapalitan sa iyong relasyon sa kapwa tao. Walang makapaghihiwalay sa iyo sa pag-ibig ni Cristo (Roma 8:38-39).
- d. Pagkagalit kontra sa pagiging mapayapa (Hindi tamang paggamit sa galit: para piliting baguhin ang kapwa, magkontrol ng iba, magmaniobra, umiwas sa responsibilidad, umiwas sa sumbat ng budhi at takot, maghiganti).
 - 1) Santiago 1:19-20, "Tandaan ninyo ito, mga kapatid kong minamahal: bawat isa'y dapat maging listo sa pakikinig, maingat sa pananalita at di agad nagagalit. (20) Sapagkat ang galit ay di nakatutulong sa tao upang maging matuwid sa paningin ng Dios."
- e. Pag-iimbot kontra sa pagiging kontento
 - 1) Fil. 4:11-12, "Hindi ko sinasabi ito dahil sa ako'y nangangailangan, pagkat natutuhan ko nang masiyahan anuman ang aking kalagayan."
 - 2) I Tim. 6:8, "Kung may pagkain at pananamit tayo, dapat na tayong masiyahan."
- f. Pagiging malayo (malamig sa pakikitungo, hindi pagkibo) kontra sa pagiging mapagmahal
 - 1) I Cor. 13
 - 2) Ang pagiging malamig, paglayo sa asawa ang isa sa mga palatandaan ng pagsasamang mabibigo.

- g. Pagiging malupit kontra sa pagiging malumanay
 - 1) Efeso 4:31-32
- h. Pagpupumilit na maging perpekto na wala sa lugar (dahil sa takot) kontra sa pagiging balanse.
 - 1) Ang pagpupumilit maging perpekto na wala sa lugar ay may tatlong pangunahing kinatatakutan: takot na madiskubre ang kahinaan, takot na hindi matanggap ng iba, at takot na iwan o talikuran ng iba.
 - 2) Gal. 3:1-3, “Kayong hangal na mga taga-Galacia! Sino ang nakagayuma sa inyo? Maliwanag na inihayag sa inyo ang pagkapako sa krus ni Jesu-Cristo na parang kayo na mismo ang nakasaksi. (2) Isang bagay lamang ang nais kong malaman mula sa inyo: Tinanggap ba ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan, o sa pamamagitan ng pagsampalataya sa inyong narinig? (3) Kayo ba’y talagang hibang na hibang na? Pagkatapos ninyong magsimula sa Espiritu, kayo ba ngayon ay naghahangad na magtamo ng inyong layunin sa pamamagitan ng sariling pagsisikap?”
- i. Pagsisinungaling (panlilinlang) kontra sa pagsasabi ng totoo
 - 1) I Juan 1:5-7
- j. Sabi ni Norm Wright: “Anong dahilan at ang isang matinding krisis ay nakapipigil, nakalulumpo, at nagiging walang hanggang trahedya sa halip na maging isang karanasan sa paglago sa kabila ng sakit? Ang ating pagtingin o damdamin sa krisis.”
- k. Tandaan, ang ating pinaniniwalaan ang kumokontrol sa karamihan ng ating damdamin at pagtugon sa mga pangyayari.
 - 1) Kawikaan 23:7: “Kung ano ang nasa puso mo, ganoon ka.”
- l. 95% ng tagumpay sa isang gawain ay damdamin o pagtugon sa mga pangyayari sa halip ng kahusayan sa paggawa nito.

Anong dati ninyong pinaniniwalaan ang kinailangan ninyong baguhin buhat ng maging mananampalataya kayo? Anong inyong pinagdaanan para mabago ang mga ito? Anong mga maling paniniwala ang pinaglalabanan pa rin ninyo hanggang ngayon? Anong mga hakbang na ang inyong ginawa para baguhin ang mga ito?

E. Ang plano ng pamumuhay na tulad ng kay Cristo ay nagbibigay linaw kung bakit pinahihintulutan ng Dios ang mga problema o hamon sa ating buhay. Ibalalik din tayo nito sa unang katanungan ng isang taong dumaranas ng krisis, “Bakit?”

1. Inilalahad ng krisis ang ating mga pag-aalinlangan at kasinungalingang pinaniniwalaan patungkol sa Dios, sa ating sarili o sa iba.
 - a. Hindi man natin ipinamumuhay araw-araw ang ating pinaniniwalaan lagi lalabas at lalabas naman ito sa panahon ng krisis.
 - 1) Ilustrasyon: May isang presidente ng kolehiyo ng Biblia na nagturo ng teolohiya sa lahat ng mga magtatapos na mag-aaral. Binigyang-diin niya ang pagiging makapangyarihan sa lahat ng Dios. Matibay niyang pinaniwalaan na ibibigay ng Dios sa kanila ang kapilya sa base militar para magamit ng kolehiyo. Subalit sa halip na sa kanila ibigay, ibinigay ito sa ibang iglesia. Tuluyan siyang nasiraan ng bait dahil sa sobrang galit at kapaitan. Inihayag ng krisis na iyon ang tunay na paniniwala ng kanyang puso. Hindi niya kayang ipagkatiwala sa Dios ang desisyong iyon. Hindi ang krisis ang lumikha ng kawalan ng pananampalataya niya. Inihayag lamang ito ng krisis.
 - b. Kadalasan ang pagsubok o krisis ang sumusukat sa ating teolohiya at bumabanat sa ating pananampalataya (pagtitiwala).
 - 1) I Pedro 1:6-7, “Dahil dito (buhay na pag-asa), kayo’y nagagalak bagaman sa kaunting panahon ay maaaring magdanas muna kayo ng mga kahirapan dahil sa iba’t ibang uri ng pagsubok. (7) Mararanasan ninyo ito upang subukin ang inyong pananampalataya. Kung ang ginto na nasisira ay dinadalisyay sa pamamagitan ng apoy; gayon din ang inyong pananampalataya na higit sa ginto ay dapat subukin upang manatili. Kung magkagayon tatanggap kayo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan kung mahayag na si Jesu-Cristo.”
 - 2) Talatang 6 – Ginaganyak ni Pedro ang kanyang mga mambabasa na ilapat sa buhay ang kanilang kaalaman. Ang nararapat na katugunan nila sa malalalim na katotohanang teolohikal na itinuro sa kanila hanggang sa panahong ito ay **tunay na kagalakan**. Ang kaalaman lamang ay hindi magbubunga ng tunay na kagalakan dahil sa kasiguruhang naranasan at kalayaan mula sa takot sa harap ng mga pag-uusig. Ang dakilang kapangyarihan ng Dios ay dapat tapatan ng responsibilidad ng tao. Responsibilidad ng mga Cristianong tumugon ng may pananampalataya. Ang pananampalataya ay nagiging dahilan upang ang tamang doktrina ay magbunga ng tamang paggawa. Ang pananampalataya ay gumagawa ayon sa nilalaman ng teolohiya at nagbubunga ng pag-uugaling kaangkop sa nilalamang ito. Nararanasan ang kasiguruhang teolohikal sa pamamagitan ng pananampalataya.

- a) Binigyang-diin ni Pedro na ang kagalakan ng Cristiano ay di nakasalalay sa mga pangyayari sa kanyang buhay. Ang mga pagsubok mismo'y itinuturing na dahilan ng kagalakan (Santiago 1:2). Bagamat ang pagsubok ay nagdudulot ng pansamantalang kalungkutan, hindi nito mababawasan ang malalim at nananatiling kagalakan na nakaugat sa buhay na pag-asa kay Cristo Jesus." (BKC, N.T. p. 841)
- 3) Talatang 7 – "Iba't ibang uri ng pagsubok" ay may dalawang resulta:
- a) Ito'y dumadalisay o nagpapapuro sa pananampalataya ng isang tao – tulad ng **gintong dumadalisay** kapag naalis ang dapat maalis sa pamamagitan ng apoy
 - b) Ito'y nagpapatunay sa **pagiging totoo ng pananampalataya**. Ang problema ay nagpapalalim at nagpapalakas sa pananampalataya ng Cristiano. Inilalahad nito ang pagiging totoo ng paniniwala. Ang salitang Griyego na *dokimazo-menou* ay nangangahulugang napatunayang totoo. Ibig sabihin, "sinubukan upang mapatunayan."
2. Ang krisis ay maaaring maghayag sa buhay kung anong kailangang palakasin, iwasto o patibayin sa ating komunikasyon, pag-uugali o pinaniniwalaan.
- a. Santiago 4:1-3, "Ano ba ang pinagmumulan ng inyong paglalaban at pag-aaway? (Puntos A) Ang mga ito'y nagmumula sa mga hangarin ninyo sa kalayawan (pagiging makasarili, kakulangan ng pagpipigil) na patuloy na naglalaban sa inyong kalooban. (2) Naghahangad kayo ng isang bagay, ngunit hindi ninyo matamo kaya pumapatay kayo. Pumapatay kayo at nag-iimbot, ngunit hindi ninyo makuha ang gusto ninyo (bigong paghahangad), pagkat hindi kayo humihingi sa Dios. (3) Kung humingi man kayo hindi rin ninyo natatanggap pagkat masama ang inyong mga layunin—para gamitin sa inyong mga kalayawan."
 - b. Maraming inihahayag ang mga pag-aaway at di pagkakaunawaan.
 - 1) Pagiging makasarili (natatagong pagnanasang makalaman, kayabangan)
 - 2) Kakulangan ng pagpipigil sa sarili (hilig sa panandaliang aliw, pagpapasarap ang layunin ng buhay)
 - 3) Di mapunuang pagnanasa sa maraming bagay
 - 4) Iba't ibang paraan ng pagpatay (pagkamuhi)
 - 5) Inggit

- 6) Di matugunang kagustuhan
 - 7) Pag-aaway at pag-iiringan para makuha ang gusto
 - 8) Makasariling panalangin (para sa luho ng sarili)
- c. Kung walang problema o di pagkakaunawaan, maaaring di natin malaman ang ating kinakailangan. Ipinakita ito ni Andrae Crouch sa kanyang awitin sa Ingles na pinamagatang “Through It All.”

Kay rami kong luha't lungkot;
 Kay rami kong tanong tungkol bukas;
 May mga panahong di ko alam kung anong tama at mali.
 Pero sa bawat sitwasyon
 Nagbigay ang Dios ng mabiyayang pag-aliw
 Palalaksin ako ng mga pagsubok na dumarating.
 Salamat sa Dios para sa mga bundok
 At salamat din para sa mga lambak,

Salamat din sa gabay Niya sa mga bagyong pinagdaanan ko
 Pagkat kung di ako nagkaroon ng problema
 Di ko malalamang kaya Niyang lutasin ang mga ito
 Di ko malalaman kung anong magagawa ng pananampalataya sa Dios
 Sa lahat ng ito, Sa lahat ng ito
 O natuto akong magtiwala kay Jesus
 Natuto akong magtiwala sa Dios,
 Sa lahat ng ito, Sa lahat ng ito
 Natuto akong sumalig sa Kanyang Salita.

- d. Heb. 14:4-11. Ang layunin ng disiplina ng Dios ay iwasto ang direksiyon ng ating buhay para sa ating kapakinabangan at Kanyang kaluwalhatian.
3. Ang krisis o pagsubok ay maaaring makatulong sa pagtukoy kung anong mga lumang impormasyon ang iyong ipinamumuhay at anong mga dating alaala ang iyong pinapayagang manaig sa iyong isipan.
- a. Tayo'y ipinanganak na muli sa ating espiritu (Juan 3:6) pero hindi tayo ipinanganak na muli sa ating isipan. Kaya maaari tayong ipinanganak na muli (sa ating espiritu) pero namumuhay pa rin sa ating lumang paraan ng pag-iisip (Santiago 4:1-3). Kaya nababago tayo habang iwinawasto natin ang ating paraan ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagbabago ng ating pag-iisip (Roma 12:2). Habang nagdaragdag tayo ng bagong impormasyon (2 Pedro 1:5), nakakapamuhay tayo buhat sa ating bagong yaman ng mga paniniwalang Biblikal. Tayo na ngayon ang mamimili kung paano tayo mamumuhay—buhat sa luma o bagong impormasyon (Roma 6).

b. LARAWAN:

ESPIRITU

Ipinanganak na muli
sa ating espiritu

Juan 3:6

BAGONG IMPORMASYON

Banal
Na
Kasulatan

2 Pedro 1:5

LUMANG KASAYSAYAN

Mga kasinungalingan,
maling paniniwala,
maling ugali

Roma 12:2


- c. Mateo 15:18-19, “Ang lumalabas sa bibig ay sa puso (pinaniniwalaan) nanggagaling, at ito ang nagpaparumi sa tao. (19) Sapagkat sa puso nagbubuhay ang masamang isipan, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagsaksi nang walang katotohanan, at paninirang-puri.”
- d. Dahil ang ating puso (pinaniniwalaan) ang pinagmumulan ng ating pananalita, damdamin at pag-uugali, kailangan itong baguhin ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Salita lamang.
- 1) Ezekiel 36:26, “Bibigyan ko kayo ng bagong puso at ng isang bagong espiritu; aalisin ko ang puso ninyong bato at papalitan ng pusong laman.”
4. Ang krisis ay maaaring magpahayag ng mga sugat ng salinlahi na naipasa sa atin ng ating mga ninuno.
- a. Maaaring ang ginagawa natin sa ating kasalukuyang mga relasyon ay bunga ng mga sugat ng salinlahi ng ating pamilya. Akala nati’y normal ang mga ito. Ang pagkakaroon ng problema o di pagkakaunawaan dahil dito ay tatawag ng ating pansin na magsasabing dapat nating baguhin ang mga ito.
 - b. Ang mga sugat buhat sa pagkabata ay maaaring makita sa pagtanda gaya ng walang katuwirang pagkagalit (takot, pagseselos). Kung ang tao’y maraming naipong galit at napako sa antas “9”, kailangan lamang ng “1” antas ng sakit para umakyat sa antas na “10” ang galit. Kadalasan ang labis na reaksiyon ay dahil sa naipong reaksiyon.

10 9 8 7 6 5 4 3 2 1 0

Nakapako sa antas “9” – Ang “1” antas ng sakit ay maghahatid sa iyo sa antas “10” ng pagkagalit.

- c. Ang mga taong nakakakita ng antas “10” pagkagalit gayong ang kamaliang nagawa ng kapwa ay antas “1” lamang ay kadalasang nagtataka kung bakit sobra naman ang reaksiyon. Hindi ito sobra. Ito’y naipong reaksiyon buhat sa nakaraan.
- d. Ang mga taong pinabayaan nang bata pa ay maaaring kakitaan ng walang kadahilanang takot sa kanilang pagtanda. Maaari din itong makita sa mga taong mahilig magkontrol ng kapwa. Ang pagkontrol sa mga tao, lugar at mga bagay ay ginagawa bunga ng takot at hindi pananampalataya. Ang takot na ito ay naisalin sa iba’t ibang henerasyon at nakakaapekto sa pangkasalukuyang mga relasyon.

1) LARAWAN




- e. Kadalasan ang mga sugat ng salinlahi ay lumalabas sa ating mga relasyon lalo na sa relasyon ng mag-asawa at sa pagpapalaki ng mga anak.

Anong masasakit na gawi ang naisalin buhat sa inyong mga ninuno at magulang na nagiging dahilan pa rin ng problema sa inyong mga relasyon sa pamilya?

5. Ang krisis ay maghahayag ng ating mga pakahulugan sa mga pangyayari sa buhay.
 - a. Kapag may nararanasan tayo sa ating buhay, akala natin ay direktso tayo buhat sa pangyayari tungo sa reaksiyon (A tungo sa C). Ang totoo, bawat pangyayari ay sinasala ng ating pinaniniwalaan (sa ating puso, B), at pagkatapos ay saka tayo nagkakaroon ng reaksiyon. Kaya hindi kasing halaga ng kung ano ang nangyayari sa iyo (Santiago 1:1-3) kaysa ano ang pakahulugan mong inilalapat dito. Karamihan sa ating mga pakahulugan ay mula sa kasinungalingang pinaniniwalaan natin patungkol sa ating sarili, sa ibang tao o sa Dios. Nilalapatan natin ng kahulugan o halaga ang mga bagay na iyon. Ang mga bagay ay kasing halaga lamang ng kung anong importansiya ang ibinibigay natin sa mga ito. Ang “isyu” ay bihirang siyang tunay na “isyu”.

1) LARAWAN:



- b. Matapos mailantad ang kasinungalingang pinaniwalaan, maaari na itong itakwil. Pagkatapos ang kasinungalingan ay hahalinhan ng katotohanan at pipiliin mong mula sa araw na iyon ay itutuon mo ang iyong isipan sa katotohanan.
 - 1) Ipinaliliwanag ng Roma 6 kung paano at bakit ngayon ay maaari ng ituon o ihain ng mga mananampalataya ang kanilang katawan (kasama ang kanilang utak) bilang kagamitan sa paggawa ng mabuti. Hindi na sila sugapa, nakasandig o kontrolado ng mga pagnanasang makasalanan.

Anong mga kasinungalingan ang natuklasan mo patungkol sa iyong sarili, sa Dios at sa ibang tao bilang resulta ng naranasan mong di problema? Paano mo pinalitan ang kasinungalingan? Anong naging pagbabagong nagawa nito sa iyo at iyong mga relasyon?

6. Hindi lamang tayo dapat namumuhay na tulad ni Cristo kundi dapat din tayong lumago araw-araw sa pagiging lalong katulad ni Cristo.

III. Paglago sa pamumuhay na tulad ni Cristo

A. Nais ng Dios na tayo'y magpatuloy sa Kanyang biyaya upang maging buo at lumago kay Cristo. (Magandang aklat: Putting Away Childish Things, David Seamands)

1. Maraming mga talata sa Biblia ang gumaganyak sa ating lumago.
 - a. Efeso 4:13, "Hanggang sa maabot natin ang pagkakaisa sa pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Dios, at magkaroon ng sapat na gulang ayon sa sukat ng pagiging ganap ni Cristo."
 - 1) "Magkaroon ng sapat na gulang": Umabot sa katapusan; makapagtapos, lumago, mabuo (Abbot Smith, p. 442).
 - 2) "Ayon sa sukat" (kumpleto) sa lahat ng aspetong espirituwal.
 - b. I Pedro 1:3-7
 - c. Gal. 4:19
 - d. Santiago 1:2-4
2. "Kung talagang gusto mong lalong maging tulad ni Jesus, wala na akong maisip na mas mabuti pang paraan kundi mag-asawa ka. Sa pag-aasawa, mapipilitan kang harapin ang mga isyu sa iyong karakter na di mo kinailangang harapin noon" (Sacred Marriage, Gary Thomas, p. 21).

B. Nalulungkot ang Dios sa napakatagal na pananatiling espirituwal na sanggol ng mananampalataya (pareho sa aspetong espirituwal at emosyonal).

1. Ang mga sanggol na espirituwal ay inaasahang lalago.
 - a. Heb. 5:12, "Ang totoo, dapat sana'y mga guro na kayo ngunit kailangan pa kayong paulit-ulit na turuan ng panimulang aralin tungkol sa salita ng Dios. Ang kailangan ninyo'y gatas, hindi matigas na pagkain" (bulag, maikli ang pananaw, natitisod, I Pedro 1:10).

- 1) Ang matigas na pagkain ay nagbibigay lakas sa pagharap sa mga hamon na hindi maibibigay ng gatas.
2. Nagpahayag si Apostol Pablo ng pagkabagot sa mga dapat sana'y lumago na ngunit nananatili pa ring di malago sa buhay espirituwal.
 - a. I Cor. 3:1-3, "Mga kapatid, hindi ko kayo makausap tulad ng mga taong espirituwal, kundi tulad ng mga makasanlibutan—mga sanggol kay Cristo. (2) Gatas ang ibinigay ko sa inyo noon pagkat hindi pa ninyo kaya ang matigas na pagkain. Hanggang ngayon ay hindi pa ninyo ito kaya, (3) pagkat namumuhay pa kayo ayon sa laman. Ang pagkakaroon ninyo ng inggitan at alitan ay nagpapatunay lamang na makasanlibutan pa kayo at namumuhay tulad ng karaniwang tao."
 - b. Kulang sila sa mga kagamitan at kakayahang humarap sa mga problema kaya pinahintulutan itong mangyari ng Dios para makita't mapilitan silang lumago o ipamukha sa kanila ang kanilang pagiging makasarili.
3. Ang mga sanggol na espirituwal ay hindi pinahihintulatang humawak ng pangunahing posisyon sa iglesia.
 - a. I Tim. 3:6, "Dapat ay hindi siya baguhang mananampalataya, pagkat baka siya maging palalo at mahulog sa hatol tulad ng demonyo."
 - b. "Baguhan" o bagong mananampalataya (sa Griyego ito ay *neophyton*). Dahil sa mabilis niyang pag-akyat sa posisyon ng pamunuan, maaaring mapuno siya ng kayabangan at pagmamataas. Sa gayon mararanasan niya ang uri ng hatol kay Satanas bilang resulta ng kanyang kapalaluan (BKC, NT p. 737).

Sa paanong paraan na kayo nasaktan ng isang baguhang hindi pa nararapat na nasa pamunuan? Paano kayo tumugon? Anong ibinunga nito sa inyong pananampa-lataya?

- C. Dinisenyo ng Dios ang mga nakahahamong panahon (mga pagsubok) sa ating buhay bilang oportunidad sa paglago sa ating pananampalataya at iwasto ang mga maling paniniwala sa ating puso patungkol sa ating sarili, sa Dios, at sa ating kapwa. Gayon din naman, ang mga ito'y dinisenyo upang lumikha sa ating ng karakter na tulad ng kay Cristo at ihanda tayo sa pagtulong sa iba.
 1. Sinubukan ni Jesus ang Kanyang mga alagad para palawakin at ayusin ang kanilang pananampalataya at para turuan sila.
 - a. Felipe – Juan 6:5b-6, "...Itinanong niya kay Felipe, 'Saan ba tayo makabibili ng tinapay na ipakakain sa mga taong ito?' (6) Sinabi niya ito upang siya'y subukin, pagkat alam na niya ang kanyang gagawin" (subalit di ito alam ni Felipe).

- b. Ang mga pagsubok Niya'y hindi kailanman dinisenyo para tayo tuksuhing gumawa ng masama.
 - 1) Santiago 1:13, "Huwag sabihin ng sinuman kapag siya'y tinukso, 'Tinutukso ako ng Dios.' Sapagkat ang Dios ay di matutukso ng masama at hindi rin niya tinutukso ang sinuman."
- 2. Sinubukan ng Dios si Haring Ezequias upang ipakita sa kanya ang tunay na kalagayan ng kanyang puso.
 - a. 2 Cronica 32:31, "Ngunit nang magpadala ng mga sugo ang mga pinuno ng Babilonia para tanungin siya tungkol sa mahimalang tanda na lumitaw sa lupain, iniwan siya ng Dios para subukin at malaman ang laman ng kanyang damdamin."
- 3. Sinubukan ng Dios ang bansang Israel para sa kanilang ikabubuti.
 - a. Deut. 8:16, "Binigyan niya kayo ng manna para makain sa ilang, isang bagay na hindi pa nakikilala ng inyong magulang, para turuan kayong magpakababa at subukin sa ikabubuti ninyo."

D. Ninanais ng Dios na makita ng ibang tao si Cristo sa atin habang tayo'y lumalago sa ating buhay espirituwal.

- 1. Iniutos ito ni Jesus.
 - a. Mateo 5:16, "Gayon din naman, paliwanagin ninyo ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa. Sa gayon, pupurihin nila ang inyong Ama sa langit."
- 2. Binigyang kahulugan ito ni Jesus.
 - a. Juan 13:35, "Kung nag-iibigan kayo, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko." (CF, I Cor. 13).
 - b. Crabb: "Ang paglago ay pinakamalinaw mong makikita sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa isa't isa." (Crabb, Understanding, p. 195).

E. Ang trabaho ng counseling ay kapareho ng trabaho ng iglesia sa pagpapalaganap ng paglago sa mga Cristiano (Crabb, Understanding, p.195).

F. Bakit pinahihintulutan ng Dios ang mga problema? Para tayo ay palaguin sa ating buhay espirituwal at maipakita natin ang karakter ni Cristo sa ating pag-uugali, komunikasyon at pinaniniwalaan.

IV. BUOD

- A. Unawain ang mga positibong pakinabang ng “mga problema”.**
- B. Ituon ang pansin sa proseso ng paglago sa pamamagitan ng mga ito.**
- C. Tanggihan ang mga paraan ng pagharap sa mga ito na umiiwas naman sa solusyon.**
- D. Makipagtulungan sa Dios sa proseso.**
- E. Aminin kung nasaan ka ngayon at saan ka nararapat patungo.**
- F. Ilarawan ang iyong layunin sa pamumuhay, paglago, at pagpapakita ng isang pamumuhay na gaya ng sa Dios.**
- G. Ipakita si Cristo sa iyong komunikasyon, pag-uugali at pinaniniwalaan.**
- H. Gamitin ang krisis upang ipahayag at tukuyin ang mga maling paniniwala, mga personal na pangangailangan, at tunay na pinaniniwalaan.**

Isinalin sa Tagalog ni Norma Magsino-Gaston, Davao City, Philippines, December 2007
Living Foundation Ministries ~ 611 RD Mize Rd ~ Blue Springs, MO 64014 U.S.A. ~ 816-229-5000
Lfmlynch@yahoo.com